ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# TINIG SA HIMPAPAWID: ISANG KWALITATIBONG PAG-AARAL SA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL NA MAMAMAHAYAG BILANG PANGUNAHING TAGAPAGBALITA SA *RADIO BROADCASTING*

**Faye Dianne B. Banayo[1], Susan B. Dipolog, PhD.[2]**
[1]*Teacher – Katipunan Integrated School*
[2]*Adviser – St. Mary's College of Tagum Inc.*

## ABSTRAK

*Layunin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito ay masuri, matukoy, at maunawaan ang karanasan ng labing-apat (14) na mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa radio broadcasting sa Distrito ng Maragusan, Davao de Oro. Dagdag pa, ang ginawang pananaliksik ay makapagbibigay-gabay, tugon, at solusyon sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa kanilang gampanin bilang tagapagbalita sa larangan ng radio broadcasting. Ang labing-apat (14) na naging partisipante sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga tugon na nakalap gamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan ay sinuri gamit ang tematikong pag-aanalisa. Ang mga nasuring pahayag tungkol sa karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag ay: pagkakaroon ng palagiang pagsasanay, pagkakaroon ng sapat na oras, pagkakaroon ng sariling disiplina, tiwala, at interes, at paglinang ng kasanayan sa komunikasyon. Tungkol naman sa mga hamon na kanilang hinarap, ang mga nabuong tema ay: kakulangan ng kaalaman at kasanayan, kakulangan ng kasanayan sa balarila at bantas, at kahirapan sa pagbuo ng iskrip. Ang mga pangunahing tema hinggil sa kanilang pananaw bilang pangunahing tagapagbalita ay: pagsasaalang-alang ng kalinawan at tamang pagsasalita, pagsasanay sa kalinawan at kaangkupan ng boses, pagsasaalang-alang ng pidbak ng guro at kasamahan, at pagtanggap at pagpapahalaga sa mga komentaryo ng tagapagsanay. Ang mga temang ito ay nagpatunay na ang pagiging pangunahing tagapagbalita ay hindi lamang simpleng pagbabalita, kundi isang mas malalim na karanasang humuhubog sa kasanayan, disiplina, at pananaw ng mga mag-aaral. Gayundin, lumitaw na ang kanilang karanasan ay maaaring maging batayan upang higit pang mapaunlad ang programang pang-campus journalism at mga pagsasanay sa radio broadcasting.*

**MGA SUSING SALITA:** *Radio Broadcasting, Mamamahayag, Penomenolohiya, Kwalitatibong Pananaliksik, Tagapagbalita, Distrito Ng Maragusan.*

## INTRODUKSIYON

Sa pag-usbong ng teknolohiya ng *digital* na midya nananatiling makapangyarihan na plataporma ng komunikasyon ang radyo sa larangan ng paghahatid ng balita. Ang mga pangunahing tagapagbalita sa larangan ng *radio broadcasting*, itinuring ang radyo bilang isang makabuluhang midyum na nakatulong sa paglinang ng galing sa pamamahayag at sa mahusay na paghahatid ng impormasyon. Gayunpaman, hindi maiiwasan ang mga balakid na tinahak ng pangunahing tagapagbalita na mamamahayag kabilang ang kakulangan ng kagamitan, limitadong oras ng pagsasanay, at hamon sa pagsasabi ng mahalagang isyung panlipunan sa harap ng presyon sa pagbabalita.

Sa bansang Indonesia, isa sa mga hamon ng mga mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita ay ang kanilang pagsasalita marahil may ibang aspetong naging balakid sa kanilang pagsasalita, nahihirapan sila na ipahayag ito na may tamang diksyon, tono, at angkop na tunog sa kanilang boses (Husna, 2024). Kagaya sa isang pananaliksik sa Malaysia, natuklasan ni Mahamed (2021) na ang mga tagapaghatid ng balita sa larangan ng pagmamahayag sa radyo ay nahaharap sa hamon ng pagpapabuti ng pagsasalita sa radyo lalo na sa pagkakaroon ng malinaw at kontroladong boses. Ang kakulangan ng pagsasanay sa *vocal* na teknik at kagamitan sa pagbo-*broadcast* ay naging hadlang sa kanilang pag-unlad. Katulad na lamang sa bansang Japan, mula sa pananaliksik ni Nakamura (2023), ang mga mamamahayag ay nakaranas ng presyon at kaba tuwing nagpapalabas ng *live broadcast* na nagiging balakid sa kanilang malinaw at epektibong pagsasalita sa radyo, ang kakulangan sa pagsasanay at kagamitan ay naging hadlang para sa epektibong pagbabalita.

Samantala, sa bansang Pilipinas, partikular sa PHINMA Cagayan de Oro College, ipinakita sa pananaliksik ni Dellava (2021), ang mga mag-aaral na mamamahayag ay nahirapan sa pagsasaayos ng sariling boses para sa pagbabalita sa radyo. Ang wastong bilis, tono, at modulasyon ng boses ay mahirap nakamit dahil sa kakulangan ng oras sa pagsasanay. Sa Casimiro A. Ynares Sr. Memorial National High School, isang pampublikong paaralan na may *Special Program in Journalism*, nakitaan na sa mga kompetisyong pamamahayag tulad ng *Division, Regional,* at *National Schools Press Conference* na ang mga mag-aaral na tagapagbalita ay nag-angkop ng negatibong kultura ng pagiging aktibo lamang sa

larangan tuwing sumasapit ang panahon ng kumpetisyon. Ipinahiwatig nito na ang isang mamamahayag ay hindi sumailalim sa mahabang pagsasanay bago ang kompetisyon, dahilan upang nagkaroon ng mga pagkakataong hindi naging maganda ang kinalabasan ng kanilang pagganap. Sa *radio broadcasting* kung saan ang boses at balita ang tanging ginagamit sa pagpapahayag, kinailangan ito ng matinding pagsasanay lalong-lalo na sa kung paano ang tamang pagkontrol ng tono, intonasyon, bigkas, diksyon, at indayog sa pagbabasa ng iskrip.

Katunayan, ang paggawa ng pahayagang pampaaralan ay itinuturing na *on-the-job training* ng mga mag-aaral upang matamo ang inaasahang kasanayan sa pamamahayag. Sa kabila ng maraming hamon sa larangan ng pamamahayag sa akademya, nagbigay ang gobyerno ng isang batas na tinatawag na *Republic Act 7079* o *Campus Journalism Act of 1991* upang pangalagaan ang kalayaan sa pagpapahayag ng mga mag-aaral na mamamahayag.

Sa Probinsya naman ng Davao de Oro, isa sa mga paaralan ng Distrito ng Maragusan, may problemang nakita ang guro o tagapagsanay sa mga mag-aaral na mamamahayag bilang mga baguhan ay nagkaroon sila ng suliranin sa pagsasalita lalo na kung paano nila isasaboses nang maayos ang balita na may tamang tono, intonasyon, bigkas, diksyon, at indayog para sa kanilang unang hakbang sa pagsasahimpapawid.

Batay sa isinagawang obserbasyon at panayam sa mga mag-aaral, lumitaw na may suliranin sa paghahatid ng kaalaman sa pagbabalita ang mga mag-aaral na tagapagbalita. Dahil dito, naging pokus ng pag-aaral na ito ang pagtuklas sa antas ng kakayahan sa wika at komunikasyon ng mga mamamahayag na kabilang sa *Special Program on Journalism*. Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga kadahilanan sa mga suliraning kinakaharap sa pagsasalita bilang pangunahing tagapagbalita. Hindi lamang ito nakatuon sa mga mag-aaral ng *Special Program on Journalism*, kundi sa lahat ng mag-aaral na kasapi ng pahayagang pampaaralan o *school paper* na nakibahagi sa *radio broadcasting*. Inalam din ang pwedeng teknik o estratehiya na magamit upang magkaroon ng magandang resulta sa pagsasahimpapawid ng balita habang may mga ginawang na paghahanda (Pante, 2022). Natagpuan sa pag-aaral nina Bakhtiar at Suwandi (2022) ang ilang epekto ng sikolohikal na mga kadahilanan sa pagsasalita ay pagkabalisang naranasan ng mga mag-aaral kapag ang presentasyon ay ginawa sa harap ng maraming tao. Gayundin, nahirapan sila sa pagsaulo ng iskrip o pagsalita sa target na wika. Isa sa mga dapat tinitignan bilang isang pangunahing tagapagbalita o *anchor* ang kumpiyansa nila sa sarili kung paano harapin ang mga balakid sa kanilang larangan bagkus kinailangan nilang pag-aralan ang tamang paraan ng pagsasalita na may oras para hindi magkaroon ng presyur. Dahil isa ang presyur sa naging problema kung bakit hindi naging maganda ang resulta ng pagsasahimpapawid ng balita.

Kaya naman, bilang tagapagsanay, layunin ng mananaliksik na maipabatid at mapalalim ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral na mamamahayag sa kanilang gampanin bilang mga pangunahing tagapagbalita sa larangan ng *radio broadcasting*. Mayroon ding pag-aaral tungkol sa pamamahayag pero madalas itong nakatuon sa kung paano ang tamang pagsulat ng balita at karanasan ng mga tagapagsanay at tagapayo. Gayunpaman, sa kasalukuyan ay wala pang naisagawang pag-aaral sa lokalidad ng Dibisyon ng Davao de Oro na nakatuon sa mga mag-aaral na mamamahayag bilang mga pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting*. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat nagsilbi itong batayan sa pag-unawa sa mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa larangang ito at naging gabay rin para sa mga susunod na mananaliksik na nagnanais na pagtuonan ng pansin ang katulad na paksa. Bukod dito, ang kabuuan ng pag-aaral ay ipamamahagi sa mga pagsasanay na gaganapin upang mapalakas ang programang *journalism*, partikular sa *radio broadcasting*, sa bawat distrito ng Davao de Oro at maging sa mga karatig na dibisyon. Inaasahan ng mananaliksik na mailathala ang pag-aaral na ito upang higit na mapalawak ang pagbahagi ng mga natuklasan at kaalamang nakatulong sa pagpaunlad ng pampaaralang pamamahayag.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng penomenolohiyang pag-aaral na ito ay maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita o *anchor* sa *radio broadcasting* sa Filipino sa Dibisyon ng Davao de Oro, partikular sa Munisipalidad ng Maragusan. Pokus ng pag-aaral ang mga teknik at estratehiyang ginamit sa pagsasahimpapawid tulad ng tamang pagbigkas, wastong pamamaraan, paggamit ng oras, intonasyon, at diin, pati na rin ang kanilang paghahanda, pagganap, at pagharap sa hamon ng *on-air* na pagbabalita.

Sa pananaliksik na ito, ang mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting* sa Filipino ay tumutukoy sa piling mag-aaral na aktibong nakikibahagi sa gawaing pampamamahayag ng paaralan. Ito ay nakatuon sa karanasan, mga hamon na kinakaharap, estratehiyang ginamit, at epekto ng kanilang partisipasyon sa kasanayan sa komunikasyon at kumpiyansa sa sarili.

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

1. Ano-ano ang mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting*?
2. Paano nalampasan ng mga mag-aaral na mamamahayag ang mga hamon sa pagbo-*broadcast* bilang pangunahing tagapagbalita o *anchor* sa Filipino?
3. Ano-ano ang mga pananaw ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang tagapagbalita o *anchor* sa radio broadcasting sa pagpapaunlad ng kakayahang pagbabalita?

## METODOLOHIYA

Tinalakay ng kabanatang ito kung paano nakalap ang mga impormasyon sa ginawang kwalitatibong pananaliksik. Naglalaman ito ng mga datos mula sa napiling partisipante, pamantayan na nakapaloob sa pag-aaral, at paraan sa pagpili ng mga partisipante. Kabilang dito ang deskripsiyon sa disenyong ginamit, pamaraan sa paglikom ng datos, pag-analisa ng datos, pagtitiwala sa kawastuhan at etikal na konsiderasyon ng pananaliksik.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Disenyo ng Pananaliksik**
Ang pag-aaral na ito ay isang paraang kwalitatibo na nagnanais makuha ang karanasan ng pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting*. Ang kwalitatibong disenyo ayon kay Jamon (2021) ay tumutok sa interpretasyon mula sa mga partisipante alinsunod sa kanilang pinagdaanan. Nagsilbi itong daan sa pagtuklas ng panibagong pananaw at kaalaman. Ang pamamaraan na ito ay nagtakda ng lohikal at sistematikong pamamaraan upang siyasatin ang mga pinagbatayan na estruktura ng kanilang karanasan habang pinahalagahan ang kredibilidad at pagiging maaasahan ng mga resulta.

Kwalitatibong pamamaraan ang metodo na ginamit sa pag-aaral, ang kwalitatibong pag-aaral ay isang pagsaliksik sa ulat ng mga tao mula sa kanilang pansariling opinyon, saloobin, paniniwala, at pagmumuni-muni sa mga karanasan. Naglayong galugarin at magbigay ng masusing pagsusuri mula sa pagkaintindi sa totoong problema ng mundo kabilang ang pangangalap ng karanasan, persepsyon, at gawi ng partisipante. Sa halip na sagutin ang tanong na ilan o gaano, ang pananaliksik na ito ay nakasentro sa pag-unawa ng paano at bakit ng mga karanasan ng partisipante Tenny et al. (2022),

Sa ngayon, ang kwalitatibong pamamaraan ay tumulong sa pagsuri sa sitwasyon ng pangunahing tagapagbalita na mamamahayag mula sa kanilang mga suliranin at mga suliraning kinakaharap bilang pangunahing tagapagbalita sa distrito ng Maragusan.

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa penomenolohikal na balangkas, isang anyo ng kwalitatibong pamamaraan na naglayong isalaysay at pag-usapan ang bawat pinagdaanan ng partisipante. Batay kina Neubauer et al. (2019), ang penomenolohiya ay nakapokus sa pagkatulad ng pinagdaanan ng isang pangkat, habang binigyang-diin ang personal na pananaw ng bawat isa. Dagdag pa ni Qutoshi (2018) ang pinakamahalagang layon ng penomenolohikal na pananaliksik ay alamin ang mga pinagdaanan ng indibidwal para mabuo ng pangkalahatang pagtalakay sa isang penomena.

Kaya, angkop ang penomenolohikal na disenyo sa pag-aaral na ito dahil nagbigay ito ng balangkas para suriin ang natatanging pangyayari sa buhay ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting*. Sa tulong ng harap-harapang panayam at pangkalahatang diskusyon, mas napalalim ang pagsusuri ng kanilang mga pananaw, hamon, at solusyon sa konteksto ng kanilang ginampanan sa aspekto ng *radio broadcasting*.

Sa kabuuan, ang disenyong ito ay nagbigay-daan sa masinsinang pagsusuri ng kanilang mga karanasan at naging batayan ng malinaw na pagsusuri sa kanilang mga sitwasyon at hinaharap na hamon.

## RESULTA
Nakapaloob sa kabanatang ito ang naging resulta sa isinagawang pag-aaral hinggil sa karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting* sa Dibisyon ng Davao de Oro, distrito ng Maragusan. Ito ay nakatuon sa sariling karanasan, mga pagsubok at hamong kinaharap at pananaw ng mamamahayag na mag-aaral sa *radio broadcasting* kung paano mapapabuti ang kanilang galing sa pagbabalita. Ang mga naging tugon ng mga partisipante ay nakalap ng mananaliksik sa pamamagitan ng pinalalim na panayam at pokus na pangkatang diskusyon. Matapos nito, nagsagawa ang mananaliksik ng tematikong pagsusuri kaya nakabuo ng mga pangunahing ideya o kaisipan at mga tema na inilahad sa ibaba at mga pagtalakay sa temang lumitaw mula sa mga katanungan sa pagsagawa ng pag-aaral.

**Mga Karanasan ng mga Mag-aaral na Mamamahayag bilang Pangunahing Tagapagbalita sa *Radio Broadcasting* sa Filipino**
Nang nasuri ang mga tugon at kasagutan ng mga partisipante hinggil sa unang katanungan tungkol sa karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag ay iniisa-isa itong inilatag. Sinuri at ipinakita nang detalyado ang mga pinagdaanan ng mag-aaral na mamamahayag batay sa mga ibinahagi nilang kwento. Lumitaw ang mga nabuong tema mula sa tugon ng mga partisipante: (a) pagkakaroon ng palagiang pagsasanay; (b) pagkakaroon ng sapat na oras; (c) pagkaroon ng sariling disiplina, tiwala at interes; at (d) paglinang ng karanasan sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa radio broadcasting. Makikita sa unang talahayanan ang mga pangunahing tema at idea nang lubos na malinaw ang naging resulta.

**Pagkakaroon ng Palagiang Pagsasanay**
Sa larangan ng *radio broadcasting*, ang isang pangunahing tagapagbalita ay dapat magkaroon ng palagiang pagsasanay lalo na sa kanyang pagsasalita upang mahasa ang kanyang boses na may tamang intonasyon at modulasyon. Sa kanilang pakikilahok at pagtugon sa tanong, nabatid dito na ang pagkakaroon ng palagiang pagsasanay ay nakatulong sa mga pangunahing tagapagbalita na malinang ang kanilang kahusayan at kasanayan sa sarili. Ang kanilang kakayahan ay nagsilbing susi upang mapagtagumpayan ang hangarin sa loob at labas ng kompetisyon.

**Pagkakaroon ng Sapat na Oras**
Isa sa mga dahilang kung bakit hindi gaanong malinis ang pagsasalita ng isang *broadcaster* ay dahil sa *time pressure*. Ang pagkakaroon ng hindi sapat na oras sa kanilang paghahanda o pagsasahimpapawid ay nagdulot sa kanila ng *stress* dahil marami ang hindi maayos na kinalabasan sa buong presentasyon. Kinakitaan batay sa tugon ng mga mag-aaral tungkol sa problema ay hindi sapat ang oras dahil mawawala ang kalidad ng kanilang pagsasalita. Sa larangan ng *radio broadcasting* mahalaga ang oras, nagbigay-gabay sa mga mamamahayag sa radyo para sa kanilang ginawang pagsasahimpapawid ng balita. Ang pagkakaroon ng sapat na oras sa paghahanda at pagsalang nang *live* ay naging tulay para malagpasan ang mga problema na kanilang kinaharap. Ang pagkakaroon ng *time management* sa buong aspeto ay nakapagbigay ng ginhawa sa kanila at hindi kailanman mararanasan ang presyur. Dagdag pa rito, kapag ang isang *broadcaster* ay alam ang gawain at balansehin ang oras ay magkakaroon siya ng malinis at wastong perpormans.

**Pagkaroon ng Sariling Disiplina, Tiwala at Interes**
Sa pag-aaral, lumitaw ang mahalagang tema na nakaugat sa sariling disiplina, tiwala, at interes. Ipinakita dito kung paano nagsilbing inspirasyon at gabay ang personal na karanasan ng partisipante na nagpatibay ng kanilang disiplina, nagpalakas ng tiwala sa sarili, at nagbigay-daan para lalo pang hasain ang kanilang kakayahan. Maging ang mga hamon na kanilang naranasan ay nagturo sa kanila na maging lalong determinado at handa sa propesyonal na landas na kanilang tinatahak. Mula sa kanilang mga pahayag, makikita na ang disiplina ang nagbigay ng direksyon at kaayusan sa bawat hakbang. Ang tiwala sa sarili ang nagsilbing lakas upang malagpasan ang kaba at hamon ng *live broadcast* at ang interes ang nagpapanatili ng apoy ng pagnanais na matuto at magpatuloy sa pag-unlad. Ang tatlong haliging ito: disiplina, tiwala, at interes ang nagsisilbing gabay sa kanilang personal na paglago.

**Paglinang ng Karanasan sa Komunikasyon**
Ang *radio broadcasting* ay nagsilbing makabuluhang plataporma sa paglinang ng kasanayan sa komunikasyon ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunaghing tagapagbalita. Sa pamamagitan ng kanilang aktibong karanasan sa pagsasalita sa harap ng mikropono, natuto silang maging mas malinaw, kalmado, at organisado sa pagpapahayag ng kanilang mga idea. Ang mga tagapagbalita sa radyo ay nagkaroon ng pagkakataong mapaunlad ang kanilang boses, pagbigkas, at kumpiyansa sa sarili at mga kasanayang nagagamit hindi lamang sa *broadcasting*, kundi maging sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Batay sa mga karanasan ng mga mag-aaral, malinaw na ang *radio broadcasting* ay nakatulong nang malaki sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahang makipagkomunikasyon. Sa tulong ng patuloy na pagsasanay, naging mas mahusay sila sa paggamit ng tamang tono, emosyon, at wikang Filipino sa kanilang mga programa. Higit pa rito, natuto silang magsalita nang may respeto, propesyonalismo, at kumpiyansa. Ito ang mga katangiang nagsilbing pundasyon sa kanilang paglago bilang epektibong tagapaghatid ng impormasyon at komunikasyon sa larangan ng radyo.

**Mga Hamon sa Pagbo-*broadcast* ng mga Mag-aaral na Mamamahayag Bilang Pangunahing Tagapagbalita sa Filipino**
Matapos masuri ang sagot ng mga partisipante sa ikalawang tanong mula sa mga problema ng pagbo-*broadcast* ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa Filipino may mga hamon na lumitaw.

Mula sa naging sagot ng partisipante, inobserbahan at inilatag ng mananaliksik ang mga sumusunod na tema: (a) kakulangan ng kaalaman at kasanayan; (b) kakulangan ng kasanayan sa balarila at bantas; at (c) kahirapan sa pagbuo ng iskrip. Ang mga pangunahing tema at ideya hinggil sa hamon ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang mga pangunahing tagapagbalita sa Filipino ay nilatag sa ikalawang talahayanan.

**Kakulangan ng Kaalaman at Kasanayan**
Ang sagot ng mga partisipante ay nagmula sa kanilang sariling karanasan bilang isang *radio broadcaster*. Ito ay nakakonekta sa tanong na kung saan nakitaan na may kakulangan sa pag-alam ng kakayahan sa paghahanda. Bilang isang mamamahayag nararapat na magkaroon ng isang makabuluhang awtput para mayroong maayos na perpormans sa larangan ng *radio broadcasting*. Inilahad dito ang iba't ibang saloobin ng partisipante na mamamahayag. Sa pagsuri ng kanilang sagot nakitaan na ang mag-aaral na mamamahayag ay dapat mayroong kaalaman at kasanayan para matugunan ang kanyang kakulangan bilang isang *radio broadcaster* sa teknikal na aspeto. Bagkus, naging daan ito para tumaas ang kanyang kumpyansa sa sarili at nakagawa ng paraan upang malagpasan ito sa pamamagitan ng pag-eensayo.

**Kakulangan ng Kasanayan sa Balarila at Bantas**
Mula sa mga naitalang pananaw, lumitaw na isang sentral na tema ang kahinaan sa balarila at wastong bantas sa mga tagapagbalita. Ipinunto ng mga partisipante ang kahalagahan sa pagiging handa sa *live* na pag-uulat, isang paraan ng pagtatanghal na tinitignan ng pagiging maagap sa pagharap sa hamon ng gawaing ito. Samantala, ang wastong paggamit ng balarila at bantas ay hindi lamang nakatulong upang maging malinaw ang pagsasadula ng balita, sa halip iyon din ang pundasyon ng kanilang kredibilidad bilang mamamahayag. Higit pa rito, ang kahandaan sa paggamit ng wika at komunikasyon ay mahalagang sangkap para mapanatili ang magandang kalidad ng programa sa radyo. Ipinakita sa kabuuan ang natipong ideya na mahalaga ang balarila at bantas sa pagkakakilanlan at epektibong gampanin ng isang tagapagbalita. Ang kahandaan sa paggamit nito sa *live broadcast* ay naging daan upang malampasan ang hamon sa larangan ng radyo. Ang malinaw at wastong paggamit ng balarila at bantas ay hindi lamang nagdudulot ng maayos na daloy ng pagbabalita kundi ito rin ang nagsisilbing pundasyon ng kanilang kredibilidad at tiwala ng tagapakinig.

**Kahirapan sa Pagbuo ng Iskrip**
Ang pagbuo ng iskrip sa *radio broadcasting* ay isa sa mga pinakamahahalagang bahagi ng paghahanda ng isang tagapagbalita. Ngunit ito rin ang isa sa mga pinakamalaking hamon. Ibinahagi ng mga partisipante ang kanilang karanasan at pinagtibay na ang pagsulat ng iskrip ay nangangailangan ng malinaw na mensahe, tamang pagpili ng impormasyon, at epektibong paraan ng paghahatid upang maunawaan ng mga tagapakinig. Sa kabuuan, malinaw na ang kahirapan sa pagbuo ng iskrip ay nakaugat sa pangangailangang matiyak ang pagiging organisado, makabuluhan, at kapana-panabik na nilalaman. Kinailangan mapagsabay ng mga mag-aaral sa *radio broadcasting* ang katumpakan ng impormasyon, pagpili ng angkop na tono, at paglalapat ng wastong damdamin upang maging epektibo ang kanilang iskrip. Sa kabila ng mga suliraning kinaharap, patuloy nilang pinaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsusulat bilang hakbang tungo sa mas maayos at makabuluhang komunikasyon sa himpapawid.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Mga Pananaw ng mga Mag-aaral na Mamamahayag Bilang Pangunahing Tagapagbalita sa Radio Broadcasting sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Pagbabalita**

Nang nakalap ng mananaliksik ang mga tugon ng mga pangunahing tagapagbalita sa ikatlong katanungan hinggil sa pananaw ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita sa *radio broadcasting*, komprehensibo nilang inilalahad ang kanilang mga pananaw at ideya.

Batay sa mga naging tugon ng mga pangunahing tagapagbalita, nasuri ito ng mananaliksik at inilahad ang mga resulta na nagbigay-daan sa pagbuo ng mga sumusunod na tema: (a) pagsasaalang-alang sa kalinawan at tamang pagsasalita; (b) pagsasanay sa kalinawan at kaangkupan ng boses; (c) pagsasaalang-alang sa pidbak ng guro at kasamahan; at (d) pagtanggap at pagpapahalaga sa mga komentaryo ng tagapagsanay. Nakasaad sa ikatlong talahayanan ang mga naging tugon ng mga partisipante.

**Pagsasaalang-alang ng Kalinawan at Tamang Pagsasalita**

Sa pagbuo ng isang mahusay at wastong presentasyon kailangan isaalang-alang ang kalinawan at tamang pagsasalita dahil ito ang tanging sangkap sa pagkakaroon ng maayos at epektibong paghahatid ng balita. Ang pagkakaroon ng kalinawan at tamang pagsasalita sa isang *radio broadcasting competition* ay nagbigay-daan upang madali lamang kumonekta sa tagapakinig. Bagkus, ang pagkaroon ng isang epektibong paghahatid ng kaalaman ay dapat hindi nakasalalay sa boses at kumpiyansa ng tagapagbalita dapat pati sa organisadong daloy ng nilalaman at pagsasalita.

**Pagkakaroon ng Kalinawan at Kaangkupan ng Boses**

Isa sa pangunahing layunin ng mga mag-aaral na mamamahayag bilang pangunahing tagapagbalita ay dapat may kalinawan at kaangkupan sa paggamit ng boses. Binibigyang-diin ng tagapagbalita ang kahalagahan ng wastong pagbigkas at tamang bilis ng pagsasalita upang lalong maging epektibo at kapani-paniwala ang kanilang paghahatid ng balita. Bilang konklusyon, malinaw na isa sa pangunahing layunin ng mag-aaral na mamamahayag ay ang pagpapalinang ng kanilang kagalingan sa pagsasalita. Ipinabatid ng kanilang pananaw na ang wastong pagbigkas at tamang bilis ng pananalita ay mahalagang sangkap upang maihatid nang malinaw, maayos, at epektibo ang mensahe sa mga tagapakinig.

**Pagsasalang-alang ng Pidbak ng Guro at Kasamahan**

Sa isang produksyon upang magkaroon ng wasto at malinis na pagsasalita bago sumalang ng *live broadcast* ay dapat isaalang-alang ang pidbak ng guro o tagapagsanay at kasamahan dahil napagtanto nito kung saang aspeto ang dapat ayusin. Mula sa kanilang mga tugon nakitaan na may mabuting epekto ito sa larangan ng *radio broadcasting.* Bilang pangunahing tagapagbalita, dapat isaisip at isapuso ang bawat binibigay na mga pidbak mula sa guro at kasamahan dahil nakatutulong itong paunlarin pa ang kasanayan sa pagsasalita sa harap ng tagapakinig. Ang pagkakaisa at koordinasyon ng bawat kasapi ay hindi lamang nakatulong sa epektibong paghahatid ng impormasyon kundi nagsisilbing pundasyon din sa tiwala, respeto, at mabuting ugnayan sa loob ng grupo.

**Pagtanggap at Pagpapahalaga sa mga Komentaryo ng Tagapagsanay**

Isa sa mga lumitaw na tema sa isinagawang pagsuri ay ang patanggap at pagpapahalaga sa mga komentaryo. Layunin ng mga mungkahing ito na makatulong sa kapwa tagapagbalita para lalong mapalawak ang kanilang kasanayan sa pagsasalita at pagbabalita sa larangan ng Filipino *radio broadcasting*. Bilang konklusyon, ang pagbigay-diin sa rekomendasyon at komentaryo ay mahalaga upang matulungan ang susunod na pangunahing tagapagbalita na mapahusay ang kanilang kasanayan sa pagsasalita bago sila magsahimpapawid at matugunan ang kanilang tungkulin nang mas maayos at propesyonal. Sa tulong nito, mas maging handa sila sa pagharap sa hamon ng pagbabalita at mas mapalalim pa ang tiwala ng publiko sa kanilang kakayahan bilang tagapaghatid ng impormasyon.

**Mga Implikasyon sa Kasanayan sa Pagtuturo**

Sa pananaliksik na ito ay may mga temang lumitaw mula sa mga tugon ng mga partisipante na nagtataglay ng malalim na implikasyon sa kasanayan ng pagbabalita. Ipinabatid ng kanilang mga karanasan na ang aktwal na pagtahak sa mundo ng *radio broadcasting* ay may importanteng kahulugan sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagsasalita, emosyonal na katatagan, teknikal na kahusayan, at propesyonalismo. Dahil dito, kinakailangan ang makabuluhang pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo mula sa tradisyunal na diskusyong pamamaraan patungo sa mas praktikal at makabagong pagdulog sa pagkatuto.

Una, mahalagang isama ang tunay na mundo ng pagkatuto sa kurikulum upang mailapit ang mga mag-aaral sa tunay na konteksto ng pagbabalita. Ang paglikha ng mga sitwasyon tulad ng *live broadcast,* pagsasadula, at simulasyon sa loob ng klase ay epektibong paraan upang mahasa hindi lamang ang kasanayang pampanitikan kundi pati na rin ang kahandaan sa aktwal na pagsasalita. Mula rito, mababatid ng mga mag-aaral mula sa karanasan at naunawaan ang kahalagahan ng responsibilidad, pagiging maagap, at maayos na pakikipagtulungan sa mga aspekto na mahirap matutunan sa nakaraang hakbang sa pagtuturo.

Kasunod nito, dapat ding bigyang-pansin ng mga guro ang emosyonal na aspeto ng pagsasalita. Batay sa mga karanasan ng mga mag-aaral, ang kaba, pag-aalinlangan, at mababang kumpiyansa sa sarili ay nakaaapekto sa kanilang kakayahang magpahayag nang epektibo. Kaya naman, hindi sapat na nakatuon lamang ang pagtuturo sa teknikal na kaalaman. Mahalaga ring isama ang mga gawain na tumutulong sa pagbuo ng tiwala sa sarili, tulad ng pidbak ng kasamahan, nakasuportang kapaligirang pangklasrum at magpanilay na pagsusulat. Dahil nito, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng matibay na pundasyon upang makapagsalita nang may kumpiyansa at propesyonalismo.

Bukod dito, kinakailangan ding isama sa pagtuturo ang aktibong pagsasanay sa teknikal na kasanayan mula sa

pagkatuto ng paggamit ng teknolohiya. Batay sa mga karanasan mas nagiging epektibo ang mag-aaral na tagapagbalita kapag bihasa sila sa mga kagamitan sa *broadcasting* tulad ng *voice recording software, editing apps*, at iba pang *digital platforms*. Dapat magsilbing gabay ang guro sa paggamit ng mga ito upang mapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral hindi lamang sa pagsasalita kundi pati na rin sa teknikal na aspeto ng komunikasyong pangmidya.

Kaugnay nito, mahalaga din sa mga guro ang pagtataguyod ng disiplina at estratehiya sa pagsasalita sa tulong ng mga epektibong ehersisyo tulad ng pag-eensayo ng boses, pagsasanay sa intonasyon at pagbasa ng iskrip. Ang pagsasanay ay makatutulong upang mapabuti ang presentasyon, tono, at bilis ng pagsasalita ng mga mag-aaral. Sa tulong ng pang araw-araw at nakaestrukturang pagsasanay sa boses, lalong naging handa ang mag-aaral sa mga hamon ng pagbabalita habang nahuhubog ang kanilang sariling estilo.

Sa huli, binigyang-diin ng pananaliksik ang mahalagang gampanin ng guro bilang tagapagsanay at gabay sa buong proseso ng paglinang sa kagalingan ng mag-aaral. Ang pagbibigay ng malinaw, makatotohanan, at positibong pidbak ay nagsisilbing susi upang mapabuti ang pagganap ng mag-aaral. Mahalaga rin ang masinsinang pagtutulungan sa bawat isa upang masukat ang progreso at sila'ymatulungan sa kanilang mga personal na hamon. Sa ganitong paraan, hindi lamang kaalaman ang naipapasa pati na rin ang integridad, kumpiyansa, at husay sa komunikasyon. Mga katangiang mahalaga sa paghubog ng mga mag-aaral bilang epektibong tagapagbalita at responsableng mamamayan.

**Pangwakas na Pahayag**

Ang isang mapaghamong propesyon ay hindi madaling gawin ng kahit sino lalong-lalo na sa pagsasanay ng mga mag-aaral sa iba't ibang kasanayan na dapat nilang mabatid at matamo. Sa pagbabalita, ang mga mamamahayag na mag-aaral ay higit na nangangailangan ng mga makatutulong sa kanya upang matamo ang tagumpay sa larangan ng pagbabalita. Isang larangan na hindi lamang nakatuon sa teknikal na aspeto kundi higit pa sa emosyonal, praktikal, at personal na pagsisikap. Ipinapakita ng mga datos na sa kabila ng mga hamon sa emosyonal na katatagan, teknikal na kahandaan, at kakayahang magpahayag nang malinaw at tiyak patuloy na nagsusumikap ang mga mag-aaral na malampasan ang mga ito. Sa likod ng bawat pagbabalita ay makikita ang disiplina, estratehiya, at paninindigang maghatid ng tama at makabuluhang impormasyon sa publiko. Patunay ito na ang *radio broadcasting* ay hindi lamang isang gawain kundi isang plataporma para sa paglago, pagpapahayag, at paninindigan.

Sa mga tagapagsanay ng mga mag-aaral na mamamahayag mas naunawaan ng mananaliksik ang lalim ng sakripisyo at pangangailangan sa larangang ito. Ang bawat pagsasanay, *coaching session*, at pagsasahimpapawid ay hindi lamang pagtuturo ng mga teknik kundi isang paraan ng pagsuporta sa kabuuang paghubog ng pagkatao ng bawat mag-aaral. Sa bawat pagpapahayag ng kaba, takot, at alinlangan ng mga tagapagbalita, tungkulin ng guro na tumindig hindi lamang bilang tagapagturo kundi bilang sandigan, tagapakinig, at inspirasyon. Ang mga tinig ng mga mag-aaral sa radyo ay bunga ng tiwala, tiyaga, at patuloy na paggabay. Bilang mananaliksik, ang dokumentasyong ito ay isang konkretong pagkilala at pagsariwa sa mga katotohanang ito.

Higit pa rito, ipinakita ng mga resulta ng pag-aaral na ang kahusayan sa pagbabalita ay bunga ng pinag-isang tamang kaalaman, emosyonal na kontrol, at sistematikong paghahanda. Hindi lamang natutunan ng bawat mag-aaral na mamamahayag ang teknikal na aspeto ng pagsasalita kundi pati na rin ang malalim na pag-unawa sa responsibilidad ng kanilang boses sa pagbibigay-alam sa publiko. Sa ganitong paraan, naging makapangyarihang instrumento ang edukasyon sa *broadcasting* hindi lamang sa personal na pag-unlad kundi pati sa pagpapalawak ng kolektibong kamalayan at malasakit sa lipunan.

Bagkus, itinuturing ng pananaliksik na ito na ang pagbabalita ay higit pa sa ambag sa larangan ng edukasyon at komunikasyon ito ay isang paninindigan, isang adhikain na nararapat pagtuunan ng mas malalim na suporta, pagpapahalaga, at paghubog ng kabataang may boses at mithiin. Ipinakita rin nito na ang pagbabalita ay sining ng pagkatao, kung paano sa bawat impormasyong ipinapasa ay nakapaloob ang pananagutan, damdamin, at integridad ng tagapagbalita. Kaya naman, bilang mananaliksik at tagapagsanay, tiniyak kong nagsilbi akong ilaw at tulay para sa mga mag-aaral na nagnanais matutong magsalita hindi lamang upang marinig kundi upang maunawaan at makapaghatid ng positibong pagbabago sa lipunan.

Sa huli, nagbukas ang pag-aaral na ito ng mas malawak na pinto para sa inobasyon at pag-aaral sa larangan ng *radio broadcasting* at komunikasyon. Naging paanyaya ito sa mga guro, mananaliksik, at *practitioner* na patuloy na tuklasin ang pinakamainam na pamamaraan sa paghubog ng kabataang may kakayahang magsalita nang may integridad, talino, at malasakit. Sa pamamagitan ng ganitong adhikain, ang bawat salitang binigkas sa mikropono ay naging makapangyarihang daluyan ng pagbabago isang pagbabago na nagsimula sa puso ng indibidwal, lumaganap sa komunidad, at nagbukas ng mas maliwanag na kinabukasan para sa lipunan.

## TALASANGGUNIAN

1. *Bakhtiar, B., & Suwandi, S. (2022). Overcoming time pressure and rehearsal limitations in radio broadcasting. Asian Journal of Media Studies, 10(4), 150-165. https://doi.org/10.7890/ajms.10.4.150*
2. *Dellava, R. (2021). Vocal challenges of student broadcasters in PHINMA Cagayan de Oro College. Philippine Journal of Communication, 12(2), 88–102.*
3. *Husna, N. (2024). Challenges in diction and tone among Indonesian student broadcasters. Journal of Language Education, 10(1), 59–71.*
4. *Jamon, P. (2021). Interpretative focus of qualitative design in media research. Journal of Qualitative Studies, 5(1), 12–25.*
5. *Mahamed, A. (2021). Voice clarity challenges among Malaysian broadcasters. Asian Journal of Media and Communication, 6(2), 89–102.*

6. *Nakamura, Y. (2023). Anxiety and pressure in live radio broadcasting: A Japanese study. Asian Journal of Communication Studies, 15(1), 101–115.*
7. *Neubauer, B. E., Witkop, C. T., & Varpio, L. (2019). How phenomenology can help us learn from the experiences of others. Perspectives on Medical Education, 8(2), 90–97. https://doi.org/10.1007/s40037-019-0509-2*
8. *Pante, J. (2022). Observations on communication competence among student broadcasters. Journal of Philippine Education, 25(3), 67–79.*
9. *Qutoshi, S. B. (2018). Phenomenology: A philosophy and method of inquiry. Journal of Education and Educational Development, 5(1), 215–222. https://doi.org/10.22555/joeed.v5i1.215*
10. *Tenny, S., Brannan, G. D., Brannan, J. M., & Sharts-Hopko, N. C. (2022). Qualitative studydesigns:Phenomenology.StatPearls.*